

Nasimulan nang imapa ang panitikang pangkabataan sa Pilipinas. Mas nagkaroon na rin ng mga manunulat na nagsusulat para sa mga mambabasang may edad na 12-18 taong gulang. Patunay rito ang mga nailimbag na kuwento mula sa Wattpad. Seventy percent (70%) sa mga mambabasa ay babae at 80% sa mga ito ay millennials.

Sa ganitong statistics, mahalagang bigyan ng pokus ang mga karanasan ng mga kababaihan lalo pa't sila rin ay isa sa mga humaharap sa iba't ibang suliranin dala ng kanilang pagiging bahagi ng mga kabataan sa Pilipinas. Masasabing iba ang danas ng mga babae sa danas ng lalaki sa isang patriyarkal na lipunan kung kaya naman mahalaga ring bigyang-pansin ito sa bubuuing akda.

### **E. Paglilinang ng Karunungan-Bayan**

Noong unang semestre ko sa kursong Malikhaing Pagsulat, nagkaroon ako ng pagkailang dahil ramdam kong napaliligiran ako ng mga propesyonal at dalubhasa pagdating sa Filipino. Sa totoo lang, hindi ako makasagot sa klase tuwing magtatanong ang propesor tungkol sa partikular na akdang isinulat sa Filipino. Hindi naging bahagi ng karanasan ko sa pagbabasa ang mga literary canon. Hindi ko rin nabasa ang mga iyon sa undergraduate course ko dahil Ingles ang inaral ko. Sinikap kong magbasa nang magbasa pa mula nang mag-aral pa ako ng ibang asignatura. Sa elective subject ko, pinili ko ang Panitikan ng Pilipinas 250 o PanPil 250. Dito ako mas naging palabasa pa ng mga akdang isinulat sa Filipino. Dahil dito, nagsimula akong magbasa nang magbasa pa.

Dito mas tumibay ang pagkahilig ko sa pagbabasa ng lokal na akda.

Dahil sa pagkahilig ko sa pagbabasa, nakahiligan ko na ring magsulat ng book reviews tungkol sa mga aklat na nababasa ko. Inilalagay ko lahat ng opinion tungkol sa isang akda sa aking social media accounts. Kaya naman, naging sanggunian ako ng mga kaibigang guro sa kung anong aklat ang maaaring ipabasa sa mga mag-aaral nila.

May isang kaibigang nagtatrabaho bilang customer service representative sa call center ang nagtanong kung anong aklat ang mairerekomenda ko sa katulad niyang may maikling oras lamang para magbasa, pero gusto pa ring makapagbasa kahit paano. May kaibigang guro ang nagtanong kung anong aklat na nakasulat sa Filipino ang maaaring ipabasa sa kaniyang klase sa Grade 10. May mga kaibigang nanay rin ang nagtatanong kung anong akdang nakasulat sa Filipino ang magandang ipabasa sa kaniyang anak na nasa Grade 1 naman.

Bilang guro at manunulat, napagdesisyon ko nang ipagpatuloy ang pagkatha ng isang akdang masasabi kong akda ko na maaari kong irekomenda sa mga kaibigang naghahanap ng maipababasa sa kanilang mga pamangkin o iba pang kaibigan. Kung hindi man para sa mga pamangkin nila, sa kanila ko mismo irerekomenda. Kaya naman, isa sa layunin ko ang sumulat ng tungkol sa mga pananaliksik ko sa kuwentong-bayan at mitolohiya ng Pilipinas.

Bakit mitolohiya? Bakit hindi?

“Mahalaga ang k’wentong bayan sa paghubog ng sangkamalayan ng kabataang Filipino.” Ito ang sinabi ni Prop. Felipe P. De Leon Jr. sa kaniyang panayam noong Pebrero 23, 2017 sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng UP Diliman sa kaniyang paksang *Sampaksaan sa K’wentong Bayan*. Kagaya ni Prop. De Leon, naniniwala ako na makatutulong sa paghubog ang mga kuwentong-bayan hindi lang sa kabataan kundi sa iba pang nakikinig nito. Sa mga kuwentong-bayan na aking kinalakihan, natuto ako ng mga gawain at nakasanayan ng mga kamag-anak kong nauna nang nabuhay sa akin. Natuto ako sa kung paano silang nabuhay noon. Nakatulong ito sa pagbuo ko ng pagkakakilanlan bilang ako.

Paano na lang ang mga kabataan sa kasalukuyan kung wala na ang mga panitikang kailangang basahin bilang kahingian sa kolehiyo? Anong kamalayan na ang mabubuo sa mga kabataan? Ang kamalayang Kanluranin? Ito ang masaklap na katotohanan sa pagtanggap sa Filipino bilang core courses<sup>7</sup> sa kolehiyo.

“Maraming gamit ang mga kuwentong-bayan para sa mga bata: malinang ang mahusay na pagpapasya, mamulat sa ibang kultura, makapagdulot ng mabuting asal, mapahalagahan ang ibang tradisyon, tumuklas ng ibang pananaw at makaarok sa mga arketipong tunay na bukal ng kabihasan at kadakilaan,” sinabi pa ni De Leon. Dahil dito, mas lumalalim pa ang aking dahilan upang matapos ang akdang ito.

Ayon kay F. Landa Jocano (1969), nailalarawan ng mitolohiya ang mga nararamdaman ng isang tao—takot, sentimyento, pangamba, pangarap, at pag-asa—at ang mga ito ay nakakaapekto sa mga panlipunang gawain. Mahalaga na sa pagbabasa ng mga mitolohiya ay maramdaman ang ganitong emosyon ng mga naunang namuhay sa atin. Ipinapakita ng mga mitolohiya kung alin ang dapat ikasaya at tiisin ng isang tao, alin ang tama at totoo. Ang pag-unawa sa mga kamalayang Filipino ay mangyayari lamang sa pag-unawa sa kuwentong-bayan, mitolohiya, at mga awit na siyang bahagi ng pagiging tunay na Filipino.

Ang pagkakaroon ng natatanging yaman ng mga kuwentong-bayan ng bansa ay isang magandang lunsaran ng isang malikhaing gawain. Sa pagpili ko ng mga tauhan sa susulating akda, nakilala ko ang mahahalagang nilalang gaya ng Tikbalang, Sigbin, Bungisngis, at Siyokoy. Ang mga nilalang na ito ay may katangi-tanging nilalaman na magandang bigyan ng kuwento.

Ang bawat nilalang ay gagamitin kong metapora patungo sa pagsasalaysay ng mga aral na nais kong isahog sa aking akda. Idagdag pa rito, na ang bawat nilalang ay ipakikilalang iba sa pagkakakilala sa popular na media. Bukod dito, susubukin kong ilarawan ang mga karanasan ng isang kabataan sa kanilang buhay, kasabay ng pagpapakilala sa mga piling nilalang.

Marami na rin ang gumawa ng ganitong klase ng tema. Simula noong 1930, naitampok na ang mga kuwentong-bayan sa mga magasin at komiks. Nagpatuloy ito hanggang sa mga palabas sa telebisyon gaya ng Dyesebel<sup>8</sup> ni Mars Ravelo.

Nagkaroon din ng iba pang palabas sa telebisyon na nagtatampok ng mitolohiya ng Pilipinas. Ilan sa mga ito ay ang *Encantadia*<sup>9</sup> (2005), *Amaya*<sup>10</sup> (2011), at *Bagani*<sup>11</sup> (2018).

Bukod sa palabas sa telebisyon, may mga akda ring nagpakilala ng mga mitolohiya sa Pilipinas. Marami pa ring manunulat sa Filipino ang patuloy na nagsusumikap upang maipakilala ang mga kuwentong-bayan sa mambabasa. Isa sa mga akdang ito ang *Trese*.

Ang *Trese* (2008) ay isang comics series na nilikha ni Budjette Tan at Kajo Baldesimo. Tungkol ito kay Alexandra Trese na isang detective at ang kaniyang misyon ay imbestigahan ang mga hindi pangkaraniwang krimen sa Maynila. Itinatampok sa *comics series* na ito ang mga nilalang mula sa mitolohiya ng Pilipinas. Halimbawa, ganito ipinakilala si Maliksi, isang Tikbalang: “He was tall, dark, and mysterious type. Very powerful bestial energy.” Isa siyang Tikbalang na nakipagkarera gamit ang sasakyan. Lumalabas siya upang makipagkarera bago ang alas-tres ng umaga. Si Alexandra Trese lamang ang nakatalo sa kaniya dahil sa tulong ni Hannah, mula sa Habagat Tribe, at Ammie, mula sa Amihan Tribe. Ang dalawang tauhan ay hango rin sa Habagat at Amihan na parehong diyos ng hangin. Sa ganitong pagpapakilala, lumikha ng bagong personalidad ang may-akda tungkol sa mga nilalang mula sa mitolohiya ng Pilipinas. Hindi lang ito naging simpleng Tikbalang na kalahating tao at kalahating kabayo. Sa komiks na *Trese*, nagkaroon ito ng bagong pagkakakilanlan.

Naging matagumpay ang aklat na ito sa pagpapakilala ng mga nilalang buhat sa mitolohiya ng Pilipinas. Ang ilustrasyon at kuwento sa komiks ay napagtagumpayang pagtahiin. Kaya naman, hindi nakapagtata kang naging short series din ito sa Netflix. Dahil dito, nagkaroon din ng mas malawak na bilang ng manonood nito.

Sa pag-aaral ni Ana Micaela Chua (2016) na “Myth Museum: Synchronicity and Simultaneity as Conflicting Paradigms in TRESE”, sinabi niya na: “TRESE is itself a kind of mythological archive or cultural museum. It collects and assembles not only folk legend and urban mythology but also keeps a record of the concerns of contemporary society.” Sa ganitong paraang masasabi na ang panitikan ay nagsisilbing mythological archive or cultural museum. Sa ganitong pagsasalaysay ng kuwento, nagkakaroon ng isang lagakan ng mga karanasan ng lipunan sa kontemporaryong panahon at kasabay nito, ang pagpapakilala ng mitolohiya ng Pilipinas sa mambabasa.

Sa silent comics naman ni Manix Abrera na *Kikomachine Komix Blg. 14 – Alaala ng Kinabukasan* (2018), nagsalaysay ng isang maikling kuwento sa pamamagitan ng mga larawan hinggil sa buhay ng isang batang manananggal. Sa akdang ito, inilarawan kung ano ang nararamdaman ng batang manananggal tuwing walang nakikipaglaro sa kaniya dahil siya ay manananggal. Dumating ang panahon na may isang nilalang na ngumiti sa presensiya niya. Ikinagalak niya ito. Subalit sa huli, unti-unting namatay ang nilalang na iyon. Natapos ang maikling kuwento noong sumikat na ang araw at tuluyan nang natunaw ang manananggal.

Malawak pa ang usapin tungkol sa mitolohiya ng Pilipinas. Isang halimbawa ang salitang aswang. Sa pag-aaral ni Jean Karl M. Gaverza (2014) na *Myths of the Philippines*, inisa-isa niya kung ano ang iba’t ibang leksikal na pakahulugan ng mga Pilipino sa salitang aswang. Ang salitang aswang ay isang malawak na terminolohiya at sa ilalim nito ay ang iba’t ibang uri pa ng nilalang. Sa aklat rin na *Mga Nilalang na Kagila-gilalas* ni Edgar Calabia Samar (2019), isa ang aswang sa pagkakahati-hati ng mga nilalang na kaniyang inilista sa aklat na ito. Hinati niya ang aklat sa pitong bahagi: Mga Lamanlupa, Mga Halimaw, Mga Aswang, Mga Bayani, Mga Anito, Mga Diwata, at mga Bathala.

Bagamat malawak pa ang usapin tungkol sa mitolohiya ng Pilipinas, nais kong magbigay ng pokus sa napili kong kuwento: Ang Bakunawa.

*Ang bulan namon sang una, sang una*  
*(Our moon long ago, long ago)*  
*Guin ka-on sang bakunawa*  
*(Was eaten by the bakunawa)*  
*Malo-oy ka man, i-uli, i-uli*  
*(Please have pity, return it, return it)*  
*Korona sang amon hari*  
*(The crown of our king)*  
*Traditional Hiligaynon Children's Song*

Ang Bakunawa o ang Moon-Eating Water Dragon ay isang kuwento sa rehiyon ng Bikol at Visayas. Sa aklat na *El Folk-Lore Filipino* ni Isabelo Delos Reyes (1995), ang Bakunawa ay unang naitala sa aklat na *Mga Sugilanong Karaan* noong 1913 ni Fernando Buysier. Siya ay isang manunulat, pari, at obispo ng Philippine Independent Church. Isa siya sa nagtala at nag-aral ng mga kuwentong-bayan sa Visayas. Mas nakilala ang kuwento ng Bakunawa noong ito ay nailimbag noong 1926 bilang bahagi ng *Mga Sugilanong Pilinon*.

Bagamat limitado lang ang mga rekord tungkol sa kuwentong ito, ang tala nina Fernando Buysier at ni Damiana Eugenio ang ginagamit sa pag-aaral nito. Isinalaysay ni Damiana Eugenio ang kuwentong ito sa *Philippine Folk Literature: The Myths* na inilimbag ng UP Press. Ayon sa kuwento, pitong buwan raw ang nilikha ni Bathala. Nahulog ang loob ng Bakunawa, isang malaking ahas, sa mga buwan na iyon. Isa-isa niya itong kinain hanggang sa isang buwan na lang ang maiwan.

Sinubukang hanapin ni Bathala ang nawawalang mga buwan. Ngunit isang araw, nagising siya dahil sa ingay na gawa ng tambol at hiyawan ng mga mamamayan. Nakita niyang kinakain na pala ng Bakunawa ang huling buwan. Tumigil ang Bakunawa dahil sa ingay at bumalik ito sa tinitirahan niya.

Naglagay ng puno ng kawayan si Bathala sa pagitan ng malaking ahas at ng buwan upang mapigilan ang ahas sa pagkain sa buwan. Ito ang siyang nakikitang marka sa buwan.

Tuwing bilog ang buwan, lilikha ng malalakas na tunog at ingay ang mga mamamayan. Ginagawa nila ito upang hindi kainin ng Bakunawa ang natitira nilang buwan.

Sa isang pag-aaral, naikumpara ang kuwentong ito sa mga kuwento mula sa Hindu-Buddhist na mitolohiya. Posible ito dahil

sa pakikipagkalakalan ng Pilipinas mula sa iba pang mga kalapit na bansa.

Ginamit na rin ang konsepto ng Bakunawa sa iba't ibang anyo ng sining. May pelikula, kanta, at damit na hango sa inspirasyon ng Bakunawa.

May pelikula rin na gumamit ng tila isang bakunawa sa mga tauhan nito. Ito ang pelikulang *Raya and the Last Dragon* (2021). Hinahanap ni Raya si Sisu, isang dragon, dahil ito ang magliligtas sa kanilang mundo. Kay Sisu ibinigay ang lahat ng kapangyarihan ng iba pang pitong dragon upang mailigtas ang kanilang mundo. Masasabing may pagkakahawig si Sisu sa Bakunawa dahil na rin sa pagiging sea serpent nito. Mayroon itong mahabang katawan, at may sungay rin sa ulo. Maaaring ihambing si Sisu sa Bakunawa dahil sa anyo nito.

May kontemporaryong kanta rin ang bandang Munimuni na may pamagat na Bakunawa (2019). Isa sa linya ng kanta ay: “Balang-araw iluluwa rin ang buwan. Babalik ang liwanag ng nakaraan.” Sa kantang ito, tila nakikipag-usap ang mang-aawit na nawa ay bumalik ang dating pinagsamahan na natakpan na ng kadiliman dahil nga kinain ng Bakunawa ang buwan.

Ginamit naman na konsepto ang Bakunawa sa paglikha ng National Costume ni Beatrice Gomez noong Miss Universe 2021. Ang costume na ginamit niya ay mula sa ‘final form of the lunar dragon’ o tumutukoy rin sa Bakunawa. Nilikha nina Axel Que at Manny Halasan ang nasabing kasuotan. Sinabi ni Que sa isang panayam sa Rappler na ang kasuotang iyon ay sarili niyang interpretasyon sa magiging itsura ng Bakunawa kung magtagumpay man ito sa kaniyang pagkain sa ikapitong buwan.

Bukod sa Bakunawa, may mahalagang papel rin ang kampana sa nobela. Sa kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas, ang kampana ay isa sa mga importanteng pag-aari ng isang bayan noong unang panahon. Sa aklat ng *Philippine Folk Literature: The Legends* na tinipon ni Damiana L. Eugenio, may isang kabanata na nagtataglay ng walong magkakaibang kuwento na nagtatampok sa kampana.

Ang kampana ay mahalagang sandata tuwing may panganib. Halimbawa, sa kuwento ng *The Enchanted Bell of Bakakay*, pinatunog ang kampana bilang sagisag ng panalo laban sa mga Moro. Sa kuwento naman ng *The Golden Bell in Uyog at Palawan and the White Bell of Aranghilan*, ginagamit ito bilang babala na may paparating na kalaban. Sa isang kuwento naman na may pamagat na *The Bell of Busay*, unang inialis ng

mga Moro ang kampana sa kapilya upang hindi ito magamit bilang babala sa mga mamamayan roon.

Sa kuwento na *The Golden Bell of Libon* at *The White Bell of Jemino*, pinaniniwalaan na maririnig ang tunog ng kampana na nasa ilalim ng tubig bilang babala na maaaring may mangyaring masama sa bayan.

May naaakit rin sa kampana dahil sa materyal at tunog nito. Sa kuwento ng *The Golden Bell of Libon*, pinagtangkaang nakawin ito ng mga Moro mula sa simbahan. Sa kuwento naman ng *The Church Bell of Binalatongan*, may isang higante ang nagtangkang magnakaw nito subalit siya ay nadulas at nailaglag ang kampana sa ilog.

Mahalaga ang kampana sa kasaysayan. Ang mga kampana sa Balangiga ang siyang nagsilibing tropeyo ng mga sundalong Amerikano noong Philippine-American War. Ibinalik ito sa bansa noong ika-11 ng Disyembre, 2018.

Gagamitin ko ang kampana bilang talinhaga ng aking pagsusulat. Kung gaanong kahalaga ang kampana sa isang bayan, ganoon rin kahalaga ang pagsusulat. Sinasalamin ng kampana ang mga alaala at mahahalagang pangyayari sa isang bayan. Gayundin ang pagsusulat. Ito ay ang pagtatala ng kolektibong alaala at karanasan na nakikita, nararanasan, o nararamdaman ng manunulat. Mahalaga ito upang mapanatili ang naratibo, karanasan, at alaala ng isang bayan.

Madalas marinig ang tunog ng kampana sa simbahan tuwing may misa, may kapistahan, at may panalangin. May mga mas maliliit na kampana na siyang pinatutunog sa tuwing may prusisyon. Lahat ito ay masasayang alaala sa akin. Sa mga tunog na ito, naaalala ko ang tunog ng pag-asa.

Ang pagsusulat ay pag-angkin ng pag-asa. Sa pagtatapos ng isang akda, laging may pag-asa sa isang magandang bukas. Hindi man ngayon, ngunit sa susunod pang panahon.

Nais kong gamitin ang tunog ng kampana bilang tanda ng tagumpay. Ang pagtunog ng kampana ay isang tagumpay mula sa pakikipaglaban sa lahat ng negatibong salik sa paligid upang tapusin ang isang akda. Para sa akin, ang kampana ay sagisag ng sigla at saya ng pagkatha.

Sa pagsulat ng nobela bilang kahingian sa masteradong kurso, magiging gabay (ngunit hindi limitado rito) ang Epic Convention ni Isagani Cruz (2006) mula sa kaniyang sanaysay na *The Beginnings of Philippine Literature: The Epic Tradition*.



1. The Hero leaves his Home
2. The Hero receives a Magical Object/Charm
3. The Hero realizes his Objective
  - His true love
  - Retrieving a lost object
  - Destiny
4. The Hero starts fighting
5. The long fight of the Hero
6. Interference by a god/goddess to stop the fighting
7. Revelation from the god/goddess about the Hero
8. Death of the Hero
9. Resurrection of the Hero
10. Return of the Hero

Sa pag-aaral at akdang isusulat, ang pangunahing tauhan ay isang bayani. Si Iska ang magsisilbing bayani sa nobela. Ang nobela ay iikot sa bayani at ang kaniyang paglalakbay. Ipakikita rin ang kaugnayan niya sa iba't bang diyos at diyosa na mababanggit sa kuwento. Ang bayani ang magsisilbing tagapamagitan sa mundo ng mga diyos at mga tao.

Katulad ng isang bayani mula sa epiko, si Iska ay haharap sa iba't ibang pagsubok na kung saan niya mas makikilala ang kaniyang sarili. May kapangyarihan si Iska na makakita ng bagay na siya lamang ang nakakakita. Ipaliliwanag ito sa balangkas sa susunod na pahina.

Pinili kong gamiting gabay ang morpolohiya ng epiko ni Isagani Cruz dahil gagamit ako ng bayani sa aking kuwento. Ang paglalakbay at pakikipagsapalaran ng aking bayaning si Iska ay tila isang epikong kuwento ng may paglisan, at pagbabalik.

Bagaman magiging gabay ito, hindi ito ang magiging eksaktong balangkas ng kuwento. Gamit ang iba pang teknik gaya ng retelling. Mahalaga ang pagsasalaysay muli ng mga kuwentong-bayan.

Ayon kay Karl Kroeber noong 1992, sa kaniyang pag-aaral na *Retelling/Rereading: The Fate of Storytelling in Modern Times*, "All significant narratives are retold and are meant to be retold—even though every retelling is a making anew. Story can thus preserve ideas, beliefs, and convictions without permitting them to harden into abstract dogma."

Ang pagsasalaysay ng kuwento ay isang panlipunang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mananalaysay at makikinig, at sa mambabasa



at manunulat. Binanggit niya rin na minsan, ang mga naisulat na kuwentong-bayan noon, ay nakapagbibigay-bose sa mga mahihirap at nasa laylayan ng lipunan.

Sa pagsasalaysay muli, marami akong isasaalang-alang sa paglalahad ng kuwentong-bayan at mitolohiya nang walang tinatapakang kultura. May respeto sa mga materyal na gagamitin at titiyakin na may cultural appropriation sa lahat ng banda.

Magiging gabay rin sa pagsusulat ng akdang ito ang mga aral mula sa mga klase sa Masterclass nina R. L. Stine at Judy Blume. Ayon sa Masterclass ni R. L. Stine, mahalagang magsulat ng isang akda na masayang basahin. Ito ang pinakamagandang bahagi ng isang kuwento. Kailangang may nakakatuwang bagay na nangyayari sa kuwento. Binanggit niya rin na kailangang may cliffhangers sa bawat katapusan ng kabanata upang may abangan ang mga mambabasa sa bawat pahina ng kuwento. Mahalaga rin daw na idirekta ang mambabasa sa iba't ibang posibleng katapusan ng kuwento. Mahalaga rin na maging isang surpresa ang katapusan. Hindi rin dapat kalimutang isaalang-alang ang edad ng mga tauhan sa kuwento at ang mga edad ng mambabasa. Kailangang alamin kung ano ang danas nila upang mailarawan sa kuwento.

May pagkakatulad ang mga aral sa Masterclass nina R. L. Stine at Judy Blume. Pareho nilang sinabi na kailangang bigyan ng maraming problema ang tauhan. Kailangan nilang humarap sa iba't ibang pagsubok. Pareho rin nilang sinabi na kailangang isaalang-alang ang mga salitang gagamitin na may kaugnayan sa teknolohiya. Ang mga teknolohiyang babanggitin ay maaaring makapagpatanda sa kuwento. Maaaring maluma rin ang kuwento kasabay sa mga teknolohiyang gagamitin.

## **F. Ang Balangkas ng Nobela**

Si Iska o Francesca Dipasupil ay labing-anim na taong gulang na katatapos lamang sa ika-sampung baitang sa isang parochial school sa Antipolo. Kasama niya si Mommy Jo, Tiya Oyang, Tita Ela, at Lola Da sa bahay.

Matapos ang graduation at birthday ni Iska, maraming nagbago sa paligid niya. Nakipaghiwalay si Joshua, nawala ang kampana, at nagkaroon ng hindi inaasahang bagyo. Higit sa lahat, nagulat siya nang isang araw ay umuwi ang pamilya na tumanda nang ilang ulit. Hindi na niya makilala ang pamilya dahil sa kulubot na balat nila at manipis na katawan.